



DEC 18 2006

DepED MEMORANDUM
No. **431**, s. 2006

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSHAP SA WIKANG FILIPINO

Sa mga: Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pampribadong Paaralang Elementarya
at Sekundarya

1. Ang Departamento ng Filipino ng Kolehiyo ng Malalayang Sining ng Pamantasang De La Salle-Maynila ay magdaraos ng isang Pambansang Seminar-Workshop na may paksang "Ang Wikang Filipino sa Makabagong Panahon" na gaganapin sa Seminar Room, 4th Flr. Yuchengco Bldg., De La Salle University, 2401 Taft Avenue, Maynila, sa Abril 25-27, 2007.
2. Pangkalahatang paksa ng seminar-workshop ang pagiging daynamiko ng wikang Filipino sa pamamagitan ng pagpapakita ng istrategiya sa pagtuturo ng transportatibong pagkatuto sa tatlong antas sa elementarya, sekondarya at tersyarya. Tatalakayin ang pagtuturo ng wikang Filipino bilang pangalawang wika at tatalakayin din ang kagamitan sa pagtuturo ng wikang Filipino.
3. Pagkatapos ng tatlong araw na seminar-workshop, inaasahang ang bawat partisipant ay:
 - a. higit na mapataas ang antas ng kaalaman at kasanayan tungkol sa mga pagbabago sa pagtuturo at pagkatuto ng Filipino;
 - b. lalong mapahusay ang mga teknik instruksyunal at istrategiya sa pamamagitan ng transportmatibong pagkatuto sa pagtuturo; at
 - c. higit na mapaunlad ang kaalaman sa inobatibong pagtuturo bilang tugon ng Wikang Filipino sa hamon ng mga pagbabago.
4. Inaanyayahang dumalo sa seminar-workshop na ito ang lahat na mga guro, tagamasid, tagapag-ugnay at tagapangulo ng departamento sa Filipino ng lahat ng antas ng edukasyon sa mga institusyong publiko at pribado.
5. Ang rehistrasyon ay Tatlong Libong Piso (PhP3,000.00) na gugugulin para sa seminar kit, hand-outs, sertipiko ng pakikilahok at pagdalo, tatlong tanghalian at anim na meryenda (umaga at hapon), awditoryum, at iba pang gastusin sa pagpapatakbo ng seminar-workshop. Hindi kasama dito ang bayad at tirahan ng mga partisipant.
6. Sa karagdagang kaalaman mangyaring makipag-ugnayan kay Dr. Fanny A. Garcia, Tagapangulo, ng Departamento ng Wikang Filipino, De La Salle University.

7. Hinihiling ang madalian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

R. C. Bacani
RAMON C. BACANI
Pangalawang Kalihim

Sanggunian:
W a l a

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim
ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO
SEMINARS
TEACHERS

Julie/Madel:Pambansang Seminar-Worksyap
12-11-06